

Saklaw ng Medi-Cal ang Pangngipin o Dental

Bilang miyembro ng Medi-Cal, ang iyong mga benepisyo at ang mga benepisyo ng iyong anak ay kabilang ang saklaw na pang-ngipin o dental. Tingnan ang tsart sa ibaba para sa pangkalahatang-ideya sa pangangalaga sa ngipin na saklaw ng Medi-Cal.



MGA SERBISYO	MGA SANGGOL	MGA BATA	MGA KABATAAN	PAGBUBUNTIS	MGA NASA TAMANG EDAD	MGA MATATANDA
Eksaminasyon*	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Mga X-ray	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Paglilinis ng ngipin	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Pagbarnis ng flouride	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Mga Pagpapasta	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Pagbunot ng ngipin	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Mga serbisyong pang-emergency	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Pampakalma	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Mga molar sealant**		☀️	☀️	☀️		
Mga pagro-root canal		☀️	☀️	☀️	☀️	☀️
Orthodontics (mga brace)***			☀️			
Mga Crown			☀️	☀️	☀️	☀️
Parsyal at buong mga pustiso			☀️	☀️	☀️	☀️
Mga reline ng pustiso			☀️	☀️	☀️	☀️
Scaling at Root Planing			☀️	☀️	☀️	☀️

*Libre o mura ang halaga ng mga tsek-up tuwing anim na buwan para sa mga miyembrong mas bata sa edad na 21, bawat 12 buwan para sa mga miyembrong lampas na sa edad na 21.

**Ang mga molar sealant ay saklaw para sa mga kabataan hanggang sa edad na 21.

***Para sa mga kuwalipikado.

MGA SANGGOL

Ang unang pang-ngipin na pagbisita ng inyong anak ay dapat maganap pagkatapos tumubo ang kanyang unang ngipin, ngunit hindi lalampas sa kanyang unang kaarawan. Ang mga ngipin ng sanggol ay kritikal sa kalusugan at paglaki ng inyong anak. Tumutulong ang mga ito sa kanyang pagnguya, pagsasalita at pagngiti.

MGA BATA

Nagsisimulang mawala ng mga bata ang kanilang ngipin sa pagkasanggol nang maaga sa ika-limang taong gulang. Ito ang panahon kung kailan magsisimulang lumaki ang kanilang permanenteng mga ngipin. Humingi sa dentista ng mga molar sealant upang makatulong sa pagprotekta sa mga bagang ng inyong anak mula sa mga lukab.

MGA KABATAAN

Ang pagkain at pag-inom ng matatamis, na kadalasang ginagawa ng mga kabataan, ay naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib sa sakit sa gilagid at pagkabulok ng ngipin. Nasisigurado ng mga kabataan na kumukuha ng regular na tsek-up ang mabuting kalusugan ng bibig sa kanilang pagtanda.

PAGBUBUNTIS

Nakakatulong ang mahusay na kalusugan ng bibig na maiwasan ang mga problema sa panahon ng pagbubuntis. Bilang miyembro ng Medi-Cal, saklaw ka sa panahon ng pagbubuntis at 60 araw pagkatapos isilang ang inyong sanggol. Ang pinakamainam na panahon upang magpatingin sa isang dentista ay sa inyong ikalawang trimester (linggo 13 hanggang linggo 27 ng pagbubuntis).

MGA NASA TAMANG EDAD

Noong Enero 1, 2018, ibinalik ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan [Department of Health Care Services (DHCS)] ang mga benepisyo sa ngipin ng mga nasa tamang edad para sa mga miyembro na may edad 21 at pataas nang may ganap na saklaw na pang-ngipin. Para sa kumpletong listahan ng mga saklaw na serbisyo, bisitahin ang SmileCalifornia.org.

MGA MATATANDA

Bilang mas matandang nasa tamang edad, madali kayong kapitan ng sakit sa gilagid at iba pang mga problema sa kalusugan ng bibig, ngunit sa pagsisipilyo ng dalawang beses sa isang araw, paggamit ng floss araw-araw at ang pinakamahalaga, ang regular na pagpapatingin sa inyong dentista, mapapababa ninyo ang inyong panganib

Alamin ang tungkol sa inyong benepisyo sa ngipin at maghanap ng dentista ng Medi-Cal na malapit sa inyo sa SmileCalifornia.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-322-6384**. Sa Medi-Cal Dental, ang inyong pagbisita ay libre or mura. Magtakda ng appointment ngayon!

SmileCalifornia.org | **1-800-322-6384**

